

Advisory Blg. 042, s. 2021  
Marso 2, 2021

Ayon sa pagpapatupad ng DepEd Order (DO) No. 8, s. 2013 ang *advisory* na ito ay hindi pag-eendorso, ayon naman sa DO 28, s. 2001, ito ay isang impormasyon lamang para sa mga opisyal at kawani ng Kagawaran ng Edukasyon, at ng mga mamamayan.  
(Bisitahin ang [deped.in/ro8issuances](http://deped.in/ro8issuances))

**PAGBUBUKAS SA MGA NOMINASYON PARA SA  
DANGAL NG PANITIKAN 2021 NG KOMISYON SA WIKANG FILIPINO**

Bukás ang Komisyon sa Wikang Filipino sa pagtanggap ng mga nominasyon sa mga institusyon at/o manunulat para sa Dangal ng Panitikan 2021. Ang Dangal ng Panitikan ay ang mataas na pagkilala sa naiambag sa panitikang Filipino o *lifetime achievement award*. Ang huling araw ng pagpapasa ng nominasyon ay Marso 12, 2021.

Sumangguni sa kalakip na tuntunin para sa karagdagang impormasyon.

Ang partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pambubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no-disruption-of-classes policy* na nakasaad sa DepEd Order No. 9, s. 2005 na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith*.

Dahil sa ito ay isa lamang Advisory, ang lahat ng Pansangay na Tagapamanihala ay binibigyang kalayaan na magbigay ng karampatang pagdedesisyon ukol dito.

CLMD-TCPJ  
DepEd RO8 ATA-F21 (CY2018-v03-r00)



OFFICE OF THE DIRECTOR IV	
Date and Time Received	Signature
1:28	[Signature]
Date and Time Released	Signature
3:45	[Signature]

RECEIVED	
02/19/21	#1053
Date / Tracking No.	
8:00am Xoh [Signature]	

## DANGAL NG PANITIKAN 2021, bukás na sa mga nominasyon!

1. Ang Dangal ng Panitikan ay ang mataas na pagkilála sa naiambag sa panitikang Filipino o lifetime achievement award. Binibigyang-pagpupugay nitó ang natatanging manunulat na nagpakíta ng pagpapahalaga sa kultura, kaakuhan, at kayamanang pamana, bukod sa pambihirang pagkasangkapan sa Filipino at ibá pang wikang panrehiyon o panlalawigan.
2. Bukás ang nominasyon sa mga institusyon at/o manunulat na nakapag-ambag sa pagpapayaman ng panitikan ng Filipinas. Ang mga ambag ay dapat na nagpapakíta ng pagpapahalaga sa kultura, kaakuhan, at kayamanang pamana, bukod sa pambihirang pagkasangkapan sa wikang Filipino.
3. Pára sa mga indibidwal, kinakailangang may gulang na hindi bababâ sa apatnapung (40) taón. Pára sa mga samahán, tanggápan, ahensiyang pampamahalaán, at/o pribadong sektor, kinakailangang naestablisa nang hindi bababâ sa limang (5) taón.
4. Mayroong katipunan ng mga akda o gawaing nakapag-ambag sa panitikang Filipino at mga katutubong wika ng Filipinas (kinakailangang ilakip sa nominasyon bílang pruweba.)
5. Ang mga nominado ay marapat na manggáling sa rekomendasyon ng indibidwal o pangkat mulá sa labas ng KWF.
6. Pára sa onlayn na nominasyon, sagutan ang pormularyo sa link na ito <https://forms.gle/CJuAonoKajcTfnv57> at ihanda ang sumusunod na dokumento na naka-pdf format: (1) KWF Pormularyo sa Nominasyon; (2) Liham nominasyon na nagsasaad ng buod ng kalipikasyon ng nominadong indibidwal o samahán at nilagdaan ng nagnomina; (3) Curriculum vitae (kung indibidwal) o profayl ng organisasyon (kung samahán); at (4) Mga pruweba sa katipunan ng mga akda na nagpapakíta ng pagpapahalaga sa kultura, kaakuhan, at kayamanang pamana, bukod sa pambihirang pagkasangkapan sa wikang Filipino.
7. Pára sa nominasyon na ipadadalá sa koreo, ilakip sa isa o higit pang long brown envelop ang sumusunod na dokumento na binanggit sa bílang 6 at ipadalá sa:  
  
Lupon sa Gawad Dangal ng Panitikan 2021  
Komisyon sa Wikang Filipino  
2/P Gusali Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel  
San Miguel, Maynila
8. Ang hulíng araw ng pagpapása ng nominasyon ay sa 12 MARSO 2020, 5nh.
9. Ang tatanghaling Dangal ng Panitikan 2021 ay tatanggap ng naturang gawad sa iginagayak na programa ng KWF sa Araw ni Balagtas, 2 Abril 2021.
10. Pára sa ibá pang detalye, mangyaring tumawag o mag-text sa 0928-844-1349, o magpadalá ng email sa Sangay ng Edukasyon at Networking sa [timpalak.gawad@kwf.gov.ph](mailto:timpalak.gawad@kwf.gov.ph).